


# Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 36:  
Angkop na Kilos ng Pasasalamat**



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikatlong Markahan – Modyul 32 : Angkop na Kilos ng Pasasalamat**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brandname*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	May Marie O. Eviota
<b>Editor:</b>	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib, Sara Josa Mae T. Dequiña
<b>Tagasuri:</b>	Elizabeth Ysulan, Rashiel Joy F. Lepaopao, Jezzine F. Salar, Judith E. Ecoben, Megie M. Lillo, Jhon Rey C. Clarion
<b>Tagalapat:</b>	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Blessy T. Soroyoroy
<b>Tagapamahala:</b>	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa: \_\_\_\_\_

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center  
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600  
Telefax No.: (085) 342-5969  
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikatlong Markahan – Modyul 36:  
Angkop na Kilos ng Pasasalamat**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Sa araw-araw na nilikha ng Diyos, sa mga bagay-bagay sa iyong paligid at sa iyong mga mahal sa buhay, ikaw ba ay hindi nakalimot na magpasalamat sa Dakilang Maylikha at sa lahat ng biyayang iyong natamasa? O di kaya'y sa iyong kapwa na nakagawa ng kabutihan sayo tulad ng iyong magulang at kapwa tao?

Paano ba ang tamang pagpapasalamat? Sapat na ba ang salitang salamat? o ano ba talaga ang nararapat? Ano pa kaya ang iba pang paraan upang maipakita natin ang ating pagiging mapagpasalamat?


Ayon sa mga naunang aralin, maraming paraan ng pagpapakita ng pasasalamat. Ito ay batay sa sitwasyon o panahon kung kailan kailangan mong ipahayag ang iyong pagpapasalamat sa mga nilalang nakapagdulot sa iyo ng mga kabutihan loob.

Ang pasasalamat ay hindi nasusukat ng mga magarbong regalo o materyal na bagay. Kahit ito man ay isang payak na salita o bagay lamang basta ito ay bukal sa puso ng nag-aalay.

Mahalagang maintindihan ng bawat tao ang kahalagahan ng pagpapahayag ng pagpapasalamat sa tamang paraan.

Inaasahang sa modyul na ito ay malinang ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Naisasagawa ang mga angkop na kilos ng pasasalamat. (EsP8PB-IIIa-9.4)



## **Subukin**

Maraming Pagpipilian.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot.

Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ang mga ito ay mga kahalagahan at angkop na pagsasagawa ng pagpapasalamat, maliban sa isa.
  - A. tanda ng ating natamong biyaya
  - B. ito ay nag papakita ng pagpapahalaga sa pinapasalamatan
  - C. ito ay mahalaga upang muling tulungan
  - D. ang hindi pagtalima sa mga biyayang natanggap
2. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng pagiging mapagpasalamat sa kalusugan lalo na sa kinakaharap na pandemya?
  - A. nakapagdudulot ng kaayusan sa sistema ng katawan
  - B. kumakain ng wastong pagkain
  - C. iniingatan ang sarili lalo sa personal hygiene
  - D. ang pagiging kumpyansa sa paglabas ng bahay nang walang proteksiyon sa sarili
3. Alin sa mga sumusunod ang epekto ng kaligayahang dulot ng pasasalamat?
  - A. napapa normal ang pulso ng katawan
  - B. napapatibay ang moral ng pagkatao
  - C. nakakalikha ng maraming *antibodies* sa katawan
  - D. nagiging makakalimutin at magulo ang isipan
4. Ang mga sumusunod ay mga dahilan ng pagpapasalamat, maliban sa isa.
  - A. dahil ito ay pagtanaw ng utang na loob
  - B. dahil obligado ang isang tao na magpasalamat
  - C. dahil ito ay pagpapatunay ng kasiyahan sa biyayang natamo
  - D. dahil ito ay ang nararapat na gawin
5. Ang sumusunod ay mahahalagang dahilan sa pagiging mapagpasalamat, maliban sa isa:
  - A. dahil sa konsensiya at kailangan lang
  - B. sapagkat ito ay nakapagbibigay kasiyahan
  - C. ito ay nagpapakita ng kagandahang asal at nag-aangat sa pagkatao
  - D. upang makatanggap muli ng biyaya
6. Alin sa mga sumusunod ang tamang paraan ng pagpapahayag ng pasasalamat?
  - A. pagpapasalamat ng may kagalakan sa sarili
  - B. pagpapasalamat ng pagkukunwari dahil may kapalit
  - C. pagpapasalamat ng hindi taos sa puso
  - D. wala sa nabanggit

7. Sa anong paraan mo pasasalamat ang isang kapwa na nakagawa sayo ng kabutihan?
- A. huwag ng magpasalamat, pagkat sadyang mabuti naman ang isang tao
  - B. sa simpleng pagngiti at pagtalima sa kanyang nagawang kabutihan
  - C. hindi na kailangan magpasalamat sapagkat hindi naman ito hiniling na gawin
  - D. sa susunod nalang magpasalamat kapag may pagkakataon
8. Iskolar ng bayan si Doktora Morena, paano niya ipapakita ang pasasalamat sa biyayang natamasa?
- A. huwag ng magpasalamat sapagkat pinaghirapan din naman ang kanyang pagtatapos
  - B. sa pamamagitan ng pagkakaroon ng libreng konsultasyon sa kalusugan kapag may mahalagang selebrasyon sa bayan.
  - C. hindi na kailangan magpasalamat sapagkat nagsikap naman din na makatapos
  - D. wala sa nabanggit
9. Iskolar si Jerry ng namayapang mag-asawa na walang anak. Ngayong siya ay may maayos na trabaho na, paano niya ipapakita ang pasasalamat sa biyayang natamasa?
- A. sa pamamagitan ng pagtulong sa pagpapaaral ng ibang bata
  - B. pagbili para sa sarili ng mga mararangyang gamit na uso ngayon
  - C. hindi pagtalima sa mga nangangailangan
  - D. wala sa nabanggit
10. Alin sa mga sumusunod ang angkop na pagtugon ng pasasalamat kapag pinuri ng guro sa maagang pagpasa ng proyekto?
- A. pagyayabang sa ginawang proyekto at sa papuri na ibinigay ng guro
  - B. hindi na kailangan magpasalamat sapagkat kapuri-puri naman talaga ang proyektong ginawa mo
  - C. pagbibigay mensahe o pagsulat ng isang liham pasasalamat para sa guro
  - D. huwag tumugon sa papuri ng guro dahil nahihiya ka
11. Maswerteng hindi nasalanta ng kalamidad ang bukirin ng pamilya ni Ben. Paano ipapakita ng pamilya ni Ben ang pasasalamat sa biyaya?
- A. sa pamamagitan ng pagkuha ng mga gamit ng ibang nasiraan na hindi naman sa kanila
  - B. sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng pagkain sa mga nasalanta
  - C. hindi na kailangan magpasalamat sapagkat ligtas naman talaga manirahan sa bukirin kumpara sa pamayanan
  - D. wala sa nabanggit

12. Ihinabol ni Ponce ang aklat na naiwan ni John sa kantina, kung ikaw si John paano mo pasasalamatan si Ponce?
- A. sa pamamagitan ng pagsasabi ng “*maraming salamat*”
  - B. huwag nalang magpasalamat sapagkat di naman kalayuan ang kanyang hinabol
  - C. tanggapin lang ang aklat at umalis na
  - D. huwag nalang itong pansinin
13. Inihatid si Flora ng kanyang matalik kaibigan sa terminal ng bus paluwas ng probinsya. Kung ikaw si Flora, paano mo pasasalamatan ang iyong kaibigan?
- A. umalis ng walang paalam
  - B. sa pamamagitan ng pagpapaabot ng mensaheng ng pag-iingat
  - C. huwag ng magpasalamat dahil obligasyon naman niya itong gawin bilang isang kaibigan
  - D. huwag na itong pansinin
14. Ang mga sumunod ay mga angkop na pagpapasalamat na pagpapakita ang pagmamahal sa isang komunidad, maliban sa isa:
- A. pagsama sa isang *community service*
  - B. pagtugon sa mga programa ng mga lokal na opisyal alinsunod sa kaunlaran sa kumunidad
  - C. pagrereklamo sa mga ordinansang pinapatupad sa barangay
  - D. pagsuporta sa mga alituntunin para sa kumunidad
15. Ano ang positibong dulot ng pagpapasalamat sa kalusugan ng tao?
- a. nakakasigla ng pakiramdam
  - b. umiibayo ang pakiramdam kapag nakatanggap ng pasasalamat
  - c. nakakapagbigay galak sa buhay
  - d. lahat ng nabanggit



## Aralin

# 1

## Mga Biyaya at Pagpapakita ng Papasalamat

“Magpasalamat ng kaunti at marami kang makahanap”

- Kawikaan ng Hansa


-



### *Balikan*

#### Gawain 1: Punan Mo Ako?

Sinasabing ang *entitlement mentality* ay nagdudulot ng kawalang pasasalamat ng isang tao. Anu-ano ang mga antas nito na dapat mong iwasan?



**Mga Antas ng Kawalang Pasasalamat**



### **Mga Tala para sa Guro**

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa **Balikan** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



### **Tuklasin**

#### **Gawain 2: Pagnilayan mo!**

Panuto: Basahin ang tulang may pamagat na "*Pasasalamat*" at pagnilayan ang mga gabay na tanong at pagnilayan ang gabay na tanong.

#### **PASASALAMAT**

ni: MAY MARIE O. EVIOTA

Isang madamdamin na salita  
ang alay ko sa'king kapwa,  
Bukal sa aking kalooban  
at mula sa pusong kaibuturan

Pasasalamat ko ay ipababatid  
sa mga kabutihan ninyong hatid,  
Sa tulong na ibinigay  
at mga biyaya sa'king buhay

Sa mga kagandahang loob  
na sa akin ay ipinagkaloob,  
Ng walang pag aalintana  
At kaylan ma'y di nagsasawa

At bilang tanaw utang na loob  
pagtulong sa kapwa ko'y ipagkakaloob  
kabutihan ninyo ay kikilalanin  
pasasalamatang hanggang sa panalangin

At sa aking pagninilay  
Taimtim na panalangin ang iniaalay  
Nawa'y kayo po'y pagpalain  
At labis na biyaya'y tatamuhin

Mga gabay na tanong:

1. Ano ang mensahe ng tula?
2. Paano daw isinasabuhay ng may-akda ang pagtanaw ng utang na loob?
3. Sa iyong karanasan, paano mo ipinapakita ang pagtanaw ng utang na loob sa kapwa? Maaaring isa-isahin.
4. Ano ang pakiramdam kapag naipapakita mo ang pagtanaw ng utang na loob sa kapwa? Bakit?
5. Ano pa kaya ang iba't ibang paraan upang maipakita natin ang pagtanaw ng utang na loob at pagiging mapagpasalamat sa kapwa?



## ***Suriin***

Ang salitang pagpapasalamat ay galing sa salitang Latin na “gratia”, na ang ibig sabihin ay biyaya o pasasalamat. Ang pagpapasalamat ay isang pagpapakita ng apresasyon sa isang indibiduwal na nakatanggap ng biyaya, nasasalat man ito o hindi. Sa pamamagitan ng pagpapasalamat, pinapakita nito ang pagkilala sa mabuting nagawa o naibigay ng isang tao sa kanilang buhay. Ang pagpapasalamat ang nakatutulong sa pagkakaroon ng maayos na ugnayan ng isang tao sa kaniyang kapwa, sa paligid, o sa Diyos.

Ang pagpapasalamat ay may nakalaan o katumbas na kaligayahan. Nakatutulong ito sa tao na maging positibo sa pananaw sa buhay, kumalinga sa isang magandang karanasan, pag-igtingin ang mental na kalusugan, at harapin ang mga sakuna o problema, and nakakabuo ng isang matibay na relasyon.

Naisasagawa ng isang indibiuwal ang angkop na kilos ng pagpapasalamat kapag ito ay nagmumula sa kaibuturan ng kanyang puso. Ito ay kailangang bukal sa kanyang kalooban, may kagalakan at kahandaan na magpaabot ng pasasalamat.

Sa pamamagitan nito mararamdaman ng pinapasalamat na siya ay lubos na pinapahalagaan. Ilan sa mga angkop na kilos ng pagpapasalamat ay ang mga sumusunod.

Pagpapahayag ng berbal na pagpapasalamat

Bilang ganti ay ang agarang pagsasabi ng “Salamat” sa taong tumulong o nagpakita ng kabutihan.

Pagpapadala ng Liham

Ang pagpapadala ng liham o mensahe na naglalaman ng pasasalamat, papuri o positibong komento sa taong nagbigay ng tulong, naglingkod sa pagkakataon na ikaw ay nangangailangan o kaya ay sa mga taong nagserbisyo sa iyo sa mahaba o maikling panahon.

Pagbibigay ng simpleng regalo

Ang pagbibigay ng maliliit o malaking bagay na bukal sa iyong kalooban ay isang simpleng kilos ng pagpapasalamat.

Pagngiti, pagtapik sa balikat o pagyakap

Ang pagngiti, pagtapik sa balikat o pagyakap ay mga kilos na nagpapakita ng pagpahahalaga sa taong tumulong, at naglilingkod sa iyo.


Pagawa ng kabutihan sa kapwa

Ang pagbibigay o pagbabahagi ng biyayang natanggap sa pamagitan ng *community services*, o kaya ay mga paglilingap sa mga nagangailangan.

Walang taong magsasawang tumulong sa mga taong marunong kumilala sa tulong ng iba, marunong kang lumingon sa iyong pinanggalingan at nagbalik o nagbigay sa iba ng mga biyayang iyong natamasa, ikaw ay higit pang mabibiyayaan sa ibat-ibang kaparaanan at sa pamamagitan ng mga taong magiging kasangkapan.

Ang pagiging mapagpasalamat ay tanda ng mabuting pakikipagkapwa. Sa panahon ng krisis at matinding pangangailangan, makatutuwang isipin na may mga taong handing tumulong sa kapwa. Kung makatanggap ng tulong mula sa iba, huwag kalimutang magpasalamat at tumanaw ng utang na loob.

Sa kasalukuyang hinaharap nating pandemya, marapat na tayo ay magpasalamat sa mga taong tumulong na mapanatili ang ating kaligtasan at mabuting kalusugan sa sakunang dulot ng virus ng Covid-19. Sa mga taong nangunguna at walang pagod na nag-alaga sa mga may sakit, sa mga puyat at sakripisyo, at pagtalima sa sinumpaang serbisyo, isang pagpupugay ng pagpapasalamat ang nararapat sa kanila.



## **Pagyamanin**

### **Gawain 3: Kilalanin mo!**

Panuto: Suriin ang mga pahayag. Sa anong paraan mo isasagawa ang iyong pagpapasalamat batay sa mga pahayag na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Nakatanggap ang pamilya ni Pepe ng ayuda sa ECQ mula sa gobyerno.
2. Gumaling si Louis mula sa malalang karamdaman.
3. Pinarangalan si Ginoong Castro bilang *Outstanding Employee of the Year*.
4. Nanalo sa isang patimpalak.

### **Gawain 4: Paghanayin Mo!**

Panuto: Tukuyin kung anong mga pamamaraan ng pagpapasalamat ang iyong nais itugon sa mga sumusunod na sitwasyon.

Sa mga taong nakagawa ng kabutihan sa akin	Sa mga <i>frontliners</i> at kanilang mga sakripisyo para sa ating bansa
Mga paraan ng pasasalamat na aking gagawin:	Mga paraan ng pasasalamat na aking gagawin:

### Gawain 5:I-text Mo!

Panuto: Kung may pagkakataon kang pasalamatang isang kaibigan na may malaking naitulong sa iyo, Sino ito? Paano mo ipahahayag ang iyong pasasalamat sa pamamagitan ng pag-text sa *cellphone*? Isulat ang sagot sa loob ng *cellphone* sa ibaba.

Para Kay:

Mensahe:



## **Isaisip**

### **Gawain 5: Pagnilayan ang Kasabihan**

Panuto: Pag-ibayuhin ang mga natutuhan mo mula sa aralin na ito, basahin ang pahayag at ibigay ang iyong saloobin sa ibig nitong ipahiwatig. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

“Ang pagiging mapagpasalamat ay nagbubukas ng kasaganahan ng buhay, ginagawang sapat ang lahat, kinikilala ang ikinakaila, pinapayapa ang kaguluhan at pinapalinaw ang kalituhan. Ginagawang pista ang simpleng kainan, ang simpleng bahay ay nagiging tahanan at ang di kakilala ay nagiging kaibigan. Ang pasasalamat ay nagbibigay halaga sa ating nakaraan, nagdudulot ng kapayapaan sa kasalukuyan at lumilikha ng bisyon para sa kinabukasan”

- Melanie Beattie

---

---

---

---

---

---

## Batayan sa Pagmamarka

- 10 puntos - Komprehensibo at malinaw ang pagkakalahad
- 8 puntos - Kompleto at maayos ang pagkakalahad
- 6 puntos - May ilang kakulangan at di gaanong maayos ang pagkakalahad
- 4 puntos - Maraming kakulangan at walang kaayusan ang pagkakalahad



## *Isagawa*

### Gawain 7: Tula ng pasasalamat

Panuto: Gumawa ng isang **tula na nagpapahayag ng pasasalamat** sa mga biyayang natatanggap sa araw-araw at sa mga pamamaraan kung paano mo ipinapakita ang pagiging mapagpasalamat. Buoin ito nang may apat na sagnong at bigyan ito ng sariling pamagat.



## Batayan sa Pagmamarka

- 10 puntos - Komprehensibo at malinaw ang pagkakalahad
- 8 puntos - Kompleto at maayos ang pagkakalahad
- 6 puntos - May ilang kakulangan at di gaanong maayos ang pagkakalahad
- 4 puntos - Maraming kakulangan at walang kaayusan ang pagkakalahad



## Tayahin

Maraming Pagpipilian.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Iskolar si Jerry ng namayapang mag-asawa na walang anak. Ngayong siya ay may maayos na trabaho na, paano niya ipapakita ang pasasalamat sa biyayang natamasa?
  - a. sa pamamagitan ng pagtulong sa pagpapaaral ng ibang bata
  - b. pagbili para sa sarili ng mga mararangyang gamit na uso ngayon
  - e. hindi pagtalima sa mga nangangailangan
  - f. wala sa nabanggit
2. Alin sa mga sumusunod ang angkop na pagtugon ng pasasalamat kapag pinuri ng guro sa maagang pagpasa ng proyekto?
  - a. pagyayabang sa ginawang proyekto at sa papuri na ibinigay ng guro
  - b. hindi na kailangan magpasalamat sapagkat kapuri-puri naman talaga ang proyektong ginawa mo
  - c. pagbibigay mensahe o pagsulat ng isang liham pasasalamat para sa guro
  - d. huwag tumugon sa papuri ng guro dahil nahihiya ka

3. Ang sumusunod ay mahahalagang dahilan sa pagiging mapagpasalamat, maliban sa isa:
  - a. dahil sa konsensiya at kailangan lang
  - b. sapagkat ito ay nakapagbibigay kasiyahan
  - c. ito ay nagpapakita ng kagandahang asal at nag-aangat sa pagkatao
  - d. upang makatanggap muli ng biyaya
  
4. Alin sa mga sumusunod ang tamang paraan ng pagpapahayag ng pasasalamat?
  - a. pagpapasalamat ng may kagalakan sa sarili
  - b. pagpapasalamat ng pagkukunwari dahil may kapalit
  - c. pagpapasalamat ng hindi taos sa puso
  - d. wala sa nabanggit
  
5. Sa anong paraan mo pasasalamatan ang isang kapwa na nakagawa sayo ng kabutihan?
  - a. huwag ng magpasalamat, pagkat sadyang mabuti naman ang isang tao
  - b. sa simpleng pagngiti at pagtalima sa kanyang nagawang kabutihan
  - c. hindi na kailangan magpasalamat sapagkat hindi naman ito hiniling na gawin
  - d. sa susunod nalang magpasalamat kapag may pagkakataon
  
6. Inihatid si Flora ng kanyang matalik na kaibigan sa terminal ng bus paluwas ng probinsya. Kung ikaw si Flora, paano mo pasasalamatan ang iyong kaibigan?
  - a. umalis ng walang paalam
  - b. sa pamamagitan ng pagpapaabot ng mensaheng ng pag-iingat
  - c. huwag ng magpasalamat dahil obligasyon naman niya itong gawin bilang isang kaibigan
  - d. huwag na itong pansinin
  
7. Ang mga sumusunod ay mga angkop na pagpapasalamat na pagpapakita ang pagmamahal sa isang komunidad, maliban sa isa:
  - a. pagsama sa isang *community service*
  - b. pagtugon sa mga programa ng mga lokal na opisyal alinsunod sa kaunlaran sa kumunidad
  - c. pagrereklamo sa mga ordinansang pinapatupad sa barangay
  - d. pagsuporta sa mga alituntunin para sa kumunidad

8. Iskolar ng bayan si Doktora Morena, paano niya ipapakita ang pasasalamat sa biyayang natamasa?
  - a. huwag ng magpasalamat sapagkat pinaghirapan din naman ang kanyang pagtatapos
  - b. sa pamamagitan ng pagkakaroon ng libreng konsultasyon sa kalusugan kapag may mahalagang selebrasyon sa bayan.
  - c. hindi na kailangan magpasalamat sapagkat nagsikap naman din na makatapos
  - d. wala sa nabanggit
  
9. Ang mga ito ay mga kahalagahan at angkop na pagsasagawa ng pagpapasalamat, maliban sa isa.
  - a. tanda ng ating natamong biyaya
  - b. ito ay nag papakita ng pagpapahalaga sa pinapasalamatan
  - c. ito ay mahalaga upang muling tulungan
  - d. ang hindi pagtalima sa mga biyayang natanggap
  
10. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng pagiging mapagpasalamat sa kalusugan lalo na sa kinakaharap na pandemya?
  - a.nakapagdudulot ng kaayusan sa sistema ng katawan
  - b. kumakain ng wastong pagkain
  - c. iniingatan ang sarili lalo sa personal hygiene
  - d.ang pagiging kumpanyansa sa paglabas ng bahay nang walang proteksiyon sa sarili
  
11. Alng mga sumusunod ay epekto ng kaligayahang dulot ng pasasalamat, maliban sa isa.
  - a. napapa normal ang pulso ng katawan
  - b. napapatibay ang moral ng pagkatao
  - c. nakakalikha ng maraming *antibodies* sa katawan
  - d. nagiging makakalimutin at magulo ang isipan
  
12. Ang mga sumusunod ay mga dahilan ng pagpapasalamat, maliban sa isa.
  - a. dahil ito ay pagtanaw ng utang na loob
  - b. dahil obligado ang isang tao na magpasalamat
  - c. dahil ito ay pagpapatunay ng kasiyahan sa biyayang natamo
  - d. dahil ito ay ang nararapat na gawin

13. Maswerteng hindi nasalanta ng kalamidad ang bukirin ng pamilya ni Ben. Paano ipapakita ng pamilya ni Ben ang pasasalamat sa biyaya?
- sa pamamagitan ng pagkuha ng mga gamit ng ibang nasiraan na hindi naman sa kanila
  - sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng pagkain sa mga nasalanta
  - hindi na kailangan magpasalamat sapagkat ligtas naman talaga manirahan sa bukirin kumpara sa pamayanan
  - wala sa nabanggit
14. Ihinabol ni Ponce ang aklat na naiwan ni John sa kantina, kung ikaw si John paano mo pasasalamatan si Ponce?
- sa pamamagitan ng pagsasabi ng "*maraming salamat*"
  - huwag nalang magpasalamat sapagkat di naman kalayuan ang kanyang hinabol
  - tanggapin lang ang aklat at umalis na
  - huwag nalang itong pansinin
15. Bakit kailangang magpasalamat ang isang tao?
- upang maisabuhay ang birtud ng kabutihan at mapalaganap pa ito
  - upang mas marami pa ang maingganyo na gumawa ng mabuti dahil sa pasasalamat na nakamtan nila
  - upang maipakita ng tao ang kabutihang natanggap na may isang positibong pananaw
  - lahat ng nabanggit



## Karagdagang Gawain

Gumawa ng isang **Gratitude Jar** gamit ang isang lumang garapon. Lagyan ito ng mga desinyo at palamuti. Sa makukulay na mga papel ay sumulat ng mga mensahe ng pasasalamat para sa mga taong nakapaligid sa iyo sa loob ng isang linggo (lagyan ito ng araw at petsa) at ang dahilan kung bakit mo sila pinasasalamat. I-rolyo ang papel at ipunin sa loob ng garapon.



RUBRIK				
KRAYTERYA	HIGIT NA INAASAHAN 5 puntos	NAKAMIT NA INAASAHAN 4 puntos	BAHAGYANG NAKAMIT NA INAASAHAN 3 puntos	HINDI NAKAMIT NA INAASAHAN 2 puntos
<b>Nilalaman at ang pagkakalahad ng pasasalamat</b>	Komprehensibo at malinaw ang pagkakalahad ng pagpapasalamat	Kompleto at maayos ang pagkakalahad ng pagpapasalamat	May ilang kakulangan at di gaanong maayos ang pagkakalahad ng pagpapasalamat	Maraming kakulangan at walang kaayusan ang pagkakalahad ng pagpapasalamat
<b>Pagkamalikhain</b>	Kakaiba at maganda ng likhang sining	Maganda ng likhang sining	May kagandahan ngunit di-gaanong maayos ang likhang sining	Hindi maayos ang likhang sining



## ***Susi sa Pagwawasto***

<b>SUBUKIN</b>	<b>TAYAHIN</b>
1. D	1. A
2. D	2. C
3. D	3. A
4. B	4. A
5. A	5. B
6. A	6. B
7. B	7. C
8. B	8. B
9. A	9. D
10. B	10. D
11. C	11. D
12. B	12. B
13. A	13. B
14. B	14. A
15. C	15. D

## ***Sanggunian***

*Esp 8 Modyul 9*. (n.d.). SlideShare. <https://www.slideshare.net/michtimado/esp-8-modyul-9>

*Salamat, Nagpapasalamat, Pasasalamat*. (n.d.). The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints. <https://www.churchofjesuschrist.org/study/scriptures/gs/thankful-thanks-thanksgiving?lang=tgl>

*Thankful #gratitude #quotes | Inspirational quotes, life quotes, gratitude quotes*. (n.d.).

Pinterest. <https://www.pinterest.ph/pin/19984792072325903/>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)